


# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 1: Wika: Ponemang Suprasegmental



**Filipino – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 1: Wika: Ponemang Suprasegmental  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Edward P. Catipay
<b>Editor:</b>	Lelita A. Laguda
<b>Tagasuri:</b>	Virgilina L. Cabaylo
<b>Tagaguhit:</b>	Lhryn T. Jaranilla
<b>Tagalapat:</b>	Guinevier T. Allosa, Jannibal A. Lojero
<b>Tagapamahala:</b>	Allan G. Farnazo
	Fiel Y. Almendra
	Gilbert B. Barrera
	Arturo D. Tingson
	Peter Van C. Ang-Ug
	Leonardo B. Mission
	Romelito G. Flores
	Carlos G. Susarno
	Juliet F. Lastimosa
	Sally A. Palomo
	Gregorio O. Ruales
	Lelita A. Laguda

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XII**

Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal  
Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893  
Website: [depedroxii.org](http://depedroxii.org)  
Email Address: [region12@deped.gov.ph](mailto:region12@deped.gov.ph)

**7**

# **Filipino**

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:  
Wika: Ponemang Suprasegmental**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ano ang nakapaloob sa Modyul na ito?

Ito ang unang modyul ng Filipino sa Ikatlong Markahan. Napapaloob sa modyul na ito ang pagtatalakay ng Ponemang Suprasegmental na may kompetensi na:

### **Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng ponemang suprasegmental (tono, diin at antala). F7PN-IIIa-c-13**

Pagkatapos ng mga gawain ay inaasahang makamit mo rin ang mga sumusunod na layunin.

1. Naitatala mula sa tulang nabasa ang mga salitang nagbabago ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas nito (diin at haba)
2. Nasusuri ang tiyak na kahulugan ng salita batay sa pagkakasulat nito sa anyong transkripsiyong ponemiko.

Malayo-layo na rin ang ating nalakbay sa pagkatuto sa Filipino. Sa unang kabanata ay natutunan mo ang mga akdang mula Mindanao at akdang mula Visayas naman sa ikalawang kabanata. Ngayon para sa ikatlong kabanata, ay tatalakayin ng modyul na ito ang Wika at Panitikan na magmumula sa Luzon. Gusto mo bang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa Luzon? Sige basahin mo ang kasunod na talata.

Ang Luzon ay ang pinakamalaking pangkat ng pulo sa Pilipinas. Binubuo ito ng mismong pulo ng Luzon kasama ang mga pulo ng Batanes, Babuyan Group of Islands, Catanduanes, Marinduque, Masbate, Romblon, Palawan at Mindoro. Sa pulong ito matatagpuan ang Maynila, ang kapital ng bansa. May walong rehiyong makikita sa Luzon. Ito ay National Capital Region (NCR), Rehiyon 1 (Ilocos Region), Rehiyon II (Lambak ng Cagayan), Cordillera Administrative Region (CAR), Rehiyon III (Gitnang Luzon), Rehiyon IV-B (MIMAROPA), at Rehiyon V (Bicol Region)

Kagaya ng Mindanao at Visayas, ang Luzon ay mayroon ding mayamang panitikan. Sa katunayan Tagalog ang masasabing may pinakamayamang panitikan sa bansa. Ilan sa mga kilalang manunulat sa rehiyong ito ay ang sumusunod; **Pedro Bukaneg** (Ama ng Panitikang Iloko), **Modesto De Castro** (Ama ng Klasikong Tuluyan), **Tomas Pinpin** (Prinsipe ng Manlilimbag sa Pilipino), **Lope K. Santos** (Ama ng Balarilang Pilipino), **Francisco Balagtas** (Prinsipe ng Makatang Tagalog), **Virgilio Almario** (Pambansang Alagad ng Sining para sa Panitikan, 2003), **Rogelio Mangahas** (Makata ng Taon), at iba pa.


Bilang pasimula ng Modyul 1 na ito, ay direkta nating tatalakayin ang **Wika: Ponemang Suprasegmental** na itinuturing na isa sa mga gulugod at pundasyon ng mabisang pakikipagkomunikasyon nating mga Pilipino. Gayundin inaasahan sa mga kasunod pang modyul ang pagpapaksa sa mga akdang pampanitikan ng Luzon.

Tara na! Tuklasin na natin ang nilalaman ng modyul na ito.



### ***Mga Tala para sa Mag-aaral***

1. Ingatan mo ang modyul na ito. Iwasang madumihan at mapunit ang pahina. Gumamit ng sagutang papel. (*Intermediate paper/ yellow paper*)
2. Sagutan mo ang bahaging SUBUKIN. Ito ang unang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang natalakay na sa ibang baitang. Iwawasto ito ng guro. **Huwag mag-alala kung mababa ang iyong makuha.**
3. Basahin at unawaing mabuti ang mga teksto sa TUKLASIN at sagutan ang mga gawain sa SURIIN at PAGYAMANIN. Buuin ang natutuhan sa ISAISIP at bumuo ng sariling kaalaman sa ISAGAWA.
4. Sagutin ang TAYAHIN at isagawa ang KARAGDAGANG GAWAIN.



### ***Subukin***

Bago tayo magpatuloy ay sagutin mo muna ang sumusunod na mga katanungan. Sa gawaing ito, masusubok ang iyong kaalaman tungkol sa paksa. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay tumutukoy sa makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, sinisimbolo ito ng mga notasyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas.
  - a. ponemang suprasegmental
  - b. ponemang segmental
  - c. ponema
  - d. morpema
2. Ito ay ang saglit na pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ipinahahayag.
  - a. antala
  - b. diin
  - c. haba
  - d. tono
3. Ang pagpapantig ay tumutukoy sa bilang ng bigkas ng salita, kung gayun ilang pantig ang bumubuo sa salitang MAYAMAN?
  - a. 1
  - b. 2
  - c. 3
  - d. 4
4. Ito ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag.
  - a. antala
  - b. diin
  - c. haba
  - d. tono

5. Kung ang ponema ay mga tunog na sinisimbolo ng mga titik ng ating alpabeto, ano naman ang morpema?
- |   |   |
|---|---|
| a. pagpapantig ng salita                          | c. walang katuturang mga tunog                          |
| b. pinagsama-samang tunog upang makabuo ng salita | d. pinagsama-samang salita upang makabuo ng pangungusap |

**B. Para sa bilang 6-10.** Isulat ang titik **T** kung ang pahayag ay tama at isulat naman ang titik **M** kung ito ay mali. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_6. Ang ponema ay ang pinakamaliit na yunit ng tunog na may kabuluhan.
- \_\_\_7. Ang punto ay tumutukoy sa rehiyunal na tunog o *accent*.
- \_\_\_8. Ang pahayag na “Naku, lindol lindol!” ay isang halimbawa ng pangungusap na nasasagot ng OO o Hindi?
- \_\_\_9. Ang Alpabetong Filipino ay nauuri sa dalawa, ang patinig at pantig.
- \_\_\_10. Ang simbolong tutuldok (.) ay ang nagpapahaba sa bigkas ng salitang/sa.lah/-living room

**C. Para sa bilang 11-15.** Suriin at tukuyin ang tamang intonasyon ng mga pangungusap sa ibaba. Piliin sa kahon ang tamang sagot. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

Paglalarawan	Masasagot ng OO o Hindi	Pagpapahayag ng matinding damdamin
	Pagbati	Pagsagot sa tanong

- \_\_\_\_\_ 11. Opo Inay siya po ang kumuha ng pera.
- \_\_\_\_\_ 12. Magandang umaga po Maam Cruz.
- \_\_\_\_\_ 13. Mahal mo ba ako?
- \_\_\_\_\_ 14. Tulong! ninakawan ako.
- \_\_\_\_\_ 15. Nakauwi na sila kahapon.

## Aralin

# 1

## Wika: Ponemang Suprasegmental

**A. PANITIKAN:** Pandemik ni: Edward P. Catipay (Malayang Tula)

**B. WIKA AT GRAMATIKA:** Ponemang Suprasegmental

### Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto:

- **Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggamit ng ponemang suprasegmental (tono, diin at antala). F7PN-IIIa-c-13**
- Naitatala mula sa tulang nabasa ang mga salitang nagbabago ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas nito (diin at haba)
- Nasusuri ng tiyak na kahulugan ng salita batay sa pagkakasulat nito sa anyong transkripsiyong ponemiko.



## Balikan

Oh kumusta? Nasagutan mo ba ang SUBUKIN? Unang bahagi pa lang ito ng modyul at ikaw ay nagpakita na nang kahusayan sa pagsagot. Binabati kita!

Alam kong nananabik ka nang malaman kung ano ang **ponemang suprasegmental** pero mahalagang isaalang-alang mo muna ang mga impormasyon sa ibaba upang matulungan kang maalala at mapukaw ang dati mong kaalaman.

Sagutin mo rin ang gawain na nasa grapikong pantulong bilang pangunahing paghahanda sa pagtatalakay ng pinakapaksa ng modyul na ito.

**Ponema-** tumutukoy sa pinakamaliit na yunit ng tunog na may kabuluhan. Sinisimbolo ito ng mga titik natin sa ating alpabeto na mauuri sa dalawa, ang patinig at katinig.

**Morpema-** tumutukoy sa pinagsama-samang tunog upang makabuo ng salita. Ito ang pinakamaliit na yunit ng salita.

**Pagpapantig-** ay ang paghahati ng bigkas ng isang salita. Halimbawa, ang salitang **KAIBIGAN** ay may apat (4) na pantig sapagkat apat na bahagi ang pagbigkas nito.

**/KA-I-BI-GAN/=** 4 na pantig



**Gawain:** Pagbatayan ang mga titik na nasa loob ng kahon para sa pagsagot ng mga tanong o gawain na nasa grapikong pantulong sa ibaba.

<b>S</b>	<b>N</b>	<b>O</b>	<b>P</b>	<b>I</b>
<b>T</b>	<b>A</b>	<b>L</b>	<b>U</b>	<b>R</b>
<b>E</b>	<b>Y</b>	<b>B</b>	<b>K</b>	<b>M</b>

<b>Mga Tanong/Gawain</b>	<b>Sagot/Paliwanag</b>
1. Mga ponema ba ang mga titik sa loob ng kahon? Bakit?	
2. Ilan ang patinig nito?	
3. Ilan naman ang katinig?	
4. Bumuo ka ng limang morpema o salita mula sa pinagsama-samang mga titik.	<div style="display: flex; justify-content: space-between;"> <div style="width: 45%;">           1. 3. 5.         </div> <div style="width: 45%;">           2. 4.         </div> </div>
5. Isulat o ipakita mo ang tamang pagpapantig ng limang morpema o salita na nabuo mo.	1. 2. 3. 4. 5
6. Gamitin sa pangungusap ang mga nabuo mong salita.	1. 2. 3. 4. 5



## Tuklasin

Mahilig ka bang magbasa? Alam mo ba na sa pamamagitan ng pagbabasa ay natutulungan mong paunlarin ang iyong sariling pang-intelektuwal na kakayanan. Lumalalim ang iyong pananaw sa buhay at mas marami kang natututunan sa pagbabasa. Ang kuwento, nobela, dula at tula ay iilan lamang sa mga teksto na maaari mong basahin upang matuto. Kaya, laging ugaliin ang pagbabasa.

Sige! Masubukan nga ang kakayanan mo sa pagbabasa.

Basahin ang malayang tula sa ibaba at unawaing mabuti ang nilalaman o mensahe nito. Ang akdang ito ay magiging daan upang mabuksan ang iyong interes sa paksang tinatalakay sa modyul na ito.

Sagutan mo muna ang isang gawain bago basahin ang tula upang matulungan kang mas maintindihan ito.

### A. Pagpapalawak ng Talasalitaan

**Panuto:** Ibigay ang kasingkahulugan ng mga salitang nakadiin ayon sa pagkakagamit nito sa pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Sa isang **iglap** lang at siya'y naging isang magandang diwata.  
a. kumpas                      b. lingon                      c. saglit                      d. sigaw
2. Upang di mahalata na baguhan siya sa isang lugar ay di siya **nag-aatubiling** magtanong sa mga taong nakakasalubong niya.  
a. may alinlangan                      c. natatakot  
b. nagdadalawang-isip                      d. umiimik
3. Ang lahat ng mamamayan ay nagpakita ng positibong **tugon** sa ipinapatupad na kuwarantin ng gobyerno.  
a. aksyon                      b. bayad                      c. tulong                      d. welga
4. Tinanggap na lamang niya ang kabiguan sa pag-ibig na may **pagtitimpi**.  
a. galit                      b. kasiyahan                      c. lungkot                      d. pagpasensiya
5. "Oh mahal, bumalik kana sa piling ko! Kung wala ka, di ko na alam ang **sasapitin** ng sugatan kong puso".  
a. kawakasan                      b. lalakbayin                      c. pagdating                      d. patutunguhan

Talagang napakahusay mo naman sapagkat nasagutan mo ang gawain nang walang hirap. Ngayong alam mo na ang talasalitaan, sigurado akong madali mo nang maiintindihan ang tula sa ibaba.

Ano pang hinihintay mo? Basahin mo na!

Huwag mong kaligtaang sagutan ang susunod pang gawain.

## **Pandemik**

ni: Edward P. Catipay

Isang iglap lang parang kay bilis ng lahat,  
mga pagbabagong kay daling lumaganap  
buhay ay nagbago dahil sa Covid 19  
di natin alam kung ano ang sasapitin.


Covid 19 ay mabagsik na kalaban  
di namamalayan at nakikita sa kapaligiran  
kung di ka nag-iingat at nagsawalang-bahala  
anomang oras ay pwede kang mapinsala.

Ubo, sipon at lagnat akala mo lang karaniwan  
di mo namamalayang ito'y may peligrong dulot na sa katawan  
kayà huwag mag-atubiling sa manggagamot magpasuri  
magpagamot, tumalima at nang ang buhay ay di masawi.

Simbilis ng bala ang tugon nating mga Pilipino  
buháy at aktibo ang programang panggobyerno  
nagbabalà na mag-*social distancing*, *facemask* ay suotin  
upang kaanak at pamilya ay mapangalagaan natin.

Tumugon sa ordinansa at utos ng ating pamahalaan  
walang-pasubali ito'y para rin sa ating kapakanan  
ang sinomang magkasalà at sumuway  
kaparusahan at kulungan ang iyong himlay

Ang saya ay napalitan ng lungkot  
ang mahalaga ay ligtas tayo at namumuhay ng malugod  
kayà natin ito! tanggaping masaya at maigi  
*new normal* ay yakaping may pagtitimpi.



## **Suriin**

Handa ka na bang sagutin ang mga tanong matapos basahin ang tula? Tara na, sagutin mo na! Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang paksa ng tula na iyong binasa?
2. Ang tula ba ay makatotohanan? Bakit?
3. Ano-ano raw ang gagawin upang masugpo ang sakit na ito?
4. Sa iyong palagay paano makatutulong ang isang kabataang kagaya mo sa pagsugpo ng sakit na ito? Isulat ito.

5. Mahalaga ba ang pagsunod sa utos at gabay ng pamahalaan lalo sa panahon ng krisis tulad nito? Patunayan.

Ang galing! Nasagot mo ang ilang katanungan mula sa akdang iyong nabasa. Tunay na naunawaan mo nga ang tula.

**Balikan ang Pagnilayan:**

Ngayon ay basahing muli ang tula. Sa pagkakataong ito ay dapat maging mapagmatiyag at mapanuri ka sa mga salita na ginamit sa akda.

Tukuyin mo ang mga salita na paulit-ulit na ginamit sa akda na nagbabago ang kahulugan batay sa paraan ng pagbigkas nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel kasama ang kahuluhan na nais ipahiwatig nito.

Halimbawa: *(ang mga salita na ginamit sa halimbawa ay di kinuha sa tula)*

**gabi**= night o evening

**gabi**= taro o root vegetable

1. _____ = _____ =	2. _____ = _____ =
3. _____ = _____ =	4. _____ = _____ =

Magaling at nasagutan mo ang gawaing ito!

May natutunan ka ba? May ideya ka ba tungkol sa mga pagbabago ng kahulugan ng mga salita batay sa pagbigkas nito? Ano kaya ang tawag sa prosesong ito?

Tama! Ito ay ang Ponemang Suprasegmental.

**Ating Alamin: PONEMANG SUPRASEGMENTAL**

**Mga Ponemang Suprasegmental**

Ang mga ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa mga makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, sinisimbulo ito ng mga notasyong ponemiko o transkripsyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas. Ang mga uri ng ponemang suprasegmental ay ang tono, diin at antala.

## 1. Tono/Intonasyon

Tumutukoy ang intonasyon sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita, na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa, kung saan ipinahihiwatig ng pagtaas o pagbaba ng tinig.

Hindi dapat ipagkamali ang intonasyon sa punto at tono ng pagsasalita. Ang punto ay tumutukoy sa rehiyunal na tunog o *accent*. Iba ang punto ng Ilokano sa Maranao o ng Cebuano sa Ilonggo. Maging sa rehiyong Tagalog, iba ang punto ng mga Batanggenyo at kahit mga taga-Cavite. Sa probinsiya ng Quezon, karaniwang iba't iba ang punto sa iba't ibang bayan. Samantala, ang tono ng pagsasalita ay nagpapahayag ng tindi ng damdamin. Maaaring magkaiba-iba ang punto at tono bagamat iisa ang intonasyon.

### 1. Pagsasalaysay/paglalarawan

Dumating sila kanina.  
Maganda talaga si Rona.

### 2. Masasagot ng OO o HINDI

Halimbawa:  
Totoo?  
Sila iyon, di ba?

### 3. Paghahayag ng matinding damdamin

Naku, may sunog!  
Hoy! Alis dyan!

### 4. Pagbati

Kumusta ka?  
Magandang umaga po.  
Salamat sa iyo.

### 5. Pagsagot sa tanong

Oo, aalis na ako.  
Hindi. Hindi ito ang gusto ko.

## 2. Diin/Haba

Ang haba ay tumutukoy sa haba ng bigkas na iniuukol ng nagsasalita sa patinig ng pantig ng salita. Ang diin naman ay tumutukoy sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita.

Ginagamit ang simbolong **tuldok /./** upang matukoy ang pantig ng salita na may diin. Sa Filipino, karaniwang binibigkas nang may diin ang salitang higit sa isang pantig. Malimit ding kasama ng diin ang pagpapahaba ng patinig. Tulad nito:

/ba.hay/ - tirahan	/pagpapaha.ba?/ - lengthening
/kaibi.gan/ - friend	/sim.boloh/ - sagisag

Mahalaga ang diin sapagkat sa pag-iiba ng patinig na binibigyang-diin, karaniwang nababago ang kahulugan ng salita. Tulad nito:

/ba.lah/ - bullet	/kasa.mah/ - companion
/bala?/ - threat	/kasamah/ - tenant

/tu.boh/ - pipe	/mang.gaga.mot/ - doctor
/tu.bo?/ - sprout	/mangga.gamot/ - to treat
/tuboh/ - sugar cane	/kaibi.gan/ - friend
/paso?/ - flower pot	/ ka.ibigan/ - lover
/pa.so?/ - burn	
/pasoh/ - expired	

### 3. Antala

Nangangahulugan ito ng saglit na pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ipinahahayag. Maaaring huminto nang panandalian habang sinasabi ang isang pangungusap, at maaari rin sa katapusan na ng pangungusap ang paghinto. Sa pagsulat, sinisimbulo ng kuwit (,) ang panandaliang paghinto at ng tuldok (.) ang katapusan ng pangungusap. Sa mga pangungusap sa ibaba, nilalagyan ng isang bar (/) ang isang saglat na paghinto at ng dobleng bar (//) ang katapusan ng pahayag. Mapapansing naiiba ang kahulugan ng pangungusap sa pag-iiba ng hinto sa pangungusap.


#### Mga Halimbawa:

PANGUNGUSAP	KAHULUGAN
Duke Eduardo Miguel ang pangalan niya//	Sinasabi ang buong pangalan ng ipinakikilala
Duke/ Eduardo Miguel ang pangalan niya//	Kinakausap si Duke at ipinakikilala sa kanya si Eduardo Miguel
Duke Eduardo/ Miguel ang pangalan niya//	Ipinakikilala si Miguel kay Duke Eduardo
Duke /Eduardo/ Miguel ang pangalan niya//	Ipinakikilala sina Duke at Eduardo kay Miguel

#### Mga Tanong sa Pagkatuto:

Sagutin ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang ponemang suprasegmental?
2. Isa-isahin ang mga uri ng ponemang suprasegmental
3. Ano ang pagkakaiba ng ponema at morpema?
4. Sa iyong palagay, bakit mahalaga na pag-aralan ang ponemang suprasegmental?



## Pagyamanin

### Pagsasanay A

**Panuto:** Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod ng mga transkripsyong ponemiko. Isulat sa patlang sa kaliwa ang sagot. Isulat naman sa patlang sa gawing kanan ang transkripsyong ponemiko ng isinasaad na kahulugan. Makikita sa unang bilang ang halimbawa: Isulat ang sagot sa sariling sagutang papel.

_____ <b>nail</b> _____	1. /pa.ko?/	_____ /pako?/ _____	1. fern
_____	2. /si.kat/	_____	2. known
_____	3. /bu.sog/	_____	3. full
_____	4. /ba.ta?/	_____	4. bathrobe
_____	5. /li.gaw/	_____	5. stranger

### Pagsasanay B

**Panuto:** Piliin mula sa kahon at isulat sa patlang ang tamang salitang pupuno sa diwa ng pangungusap.

**/bu.kas/, /bukas/**

1. \_\_\_\_\_ na tayo pumunta ng bahay para sa paggawa ng ating proyekto.
2. \_\_\_\_\_ pa ang mga *malls* ngayon kaya bilisan mo at nang makahabol ka.

**/bu.hay/, /buhay/**

3. \_\_\_\_\_ ang diwa ng pagdadamayan dito kaya karaniwan na lamang ang makakita ng mga taong nagtutulungan kahit di magkakilala.
4. Ang \_\_\_\_\_ ng tao ay nakasalalay sa sakripisyo at pagsisikap nito.

**/sa.yah/, /sayah/**

5. Wala na akong nakikitang kakabaihang nagsusuot ng \_\_\_\_\_ dito sa aming lugar.
6. Hindi mapigilan ang kanyang \_\_\_\_\_ nang makita ang mahal niya.

**/pa.so?/, /paso?/**

7. Ginamot ni nanay ang \_\_\_\_\_ niya sa binti.
8. Mahilig sa halaman ang aking ina kaya reregaluhan ko siya ng \_\_\_\_\_ sa kaarawan niya.

**/tuboh/, /tu.bo?/**

9. Abnormal ang \_\_\_\_\_ ng saging tuwing tag-init.
10. Nangunguna ang Mindanao sa pag-aani ng palay at produksiyon ng asukal mula sa \_\_\_\_\_.

### **Pagsasanay C**

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pahayag o pangungusap. Isulat ang kahulugan nito batay sa pag-iiba ng hinto sa pagbigkas nito. Limang puntos bawat aytem.

<b>PAHAYAG/PANGUNGUSAP</b>	<b>KAHULUGAN</b>
1. Hindi pula.//	
2. Hindi/pula.//	
3. Hindi siya ang nanalo.//	
4. Hindi/siya ang nanalo.//	



### **Isaisip**

**A. Panuto:** Ipaliwanag ang tanong sa ibaba. Isulat sa loob ng kahon ang iyong paliwanag.

**Tanong:** Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang paggamit ng ponemang suprasegmental sa ating pakikipagtalastasan?



\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_


\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

**B. Panuto:** Pumili at Isulat sa patlang ang tamang salita na may wastong diin ayon sa wastong gamit nito sa pangungusap.

<b>Mga salitang pagpipilian</b>	<b>Pangungusap</b>
<b>/pala/, /pa.lah/</b>	1. Dumating na _____ siya kagabi na may dalang maraming _____.
<b>/da.ting/, /dating/</b>	2. _____ matamlay na ang bata noong bagong _____ pa lamang ito.
<b>/la.mang/, /lamang/</b>	3. Ako _____ dapat ang maging _____ sa amin.
<b>/tagah/, /taga?/</b>	4. Ang lalaking _____ probinsiya ay may _____ sa kanyang mukha.
<b>/ya.ya/ /yaya?/</b>	5. Ang aming _____ ay nag-_____ nang mamasyal.



## Isagawa

**Panuto:** Gamit ang natutuhan, sumulat ng isang talata gamit ang mga salitang magkakaiba ang kahulugan ngunit pareho ang kaligirang baybay nito. Maaaring pumili sa mga mungkahing paksa sa ibaba o bumuo ng sariling paksa.

### Mga Mungkahing Paksa:

1. Mga Hakbang sa Pagpapanatili ng Kalinisan ng Katawan
2. Bagong Buhay sa New Normal
3. Mga Nais Kong Gawin Pagkatapos ng Pandemya

### Pamantayan sa Pagmamarka:

Organisasyon ng ideya	25 puntos
Kawastuhan ng pagbabago ng diin	10 puntos
Wastong gamit ng salita ( <i>bantas, malaking titik, baybay</i> )	10 puntos
Kalinisan	5 puntos
<b>Kabuuan</b>	<b>50 puntos</b>



## Tayahin

Sadyang napakahusay mo! Halos patapos na ang modyul na ito. Kumusta ka? Nasiyahan ka ba dahil mas nadagdagan ang iyong kaalaman at marami kang bagong natutunan sa pagtalakay sa paksa?

Pahinga ka muna ng saglit. Huminga ka nang malalim at maging handa para sa Pangwakas na Pagtataya.

### Sagutan mo...

**Pagsasanay A.** Tayahin ang iyong kaalaman sa paksang tinalakay. Isulat sa iyong sagutang papel ang titik ng wastong sagot sa bawat bilang.

1. Tumutukoy sa makahulugang yunit ng tunog na karaniwang hindi tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, sinisimbolo ito ng mga notasyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas.
  - a. ponemang suprasegmental
  - b. ponemang segmental
  - c. ponema
  - d. morpema

2. Kung ang pagpapantig ay tumutukoy sa bilang ng bigkas ng salita, ilang pantig ang mayroon sa salitang KADAKILAAN?  
 a. 2                                      b. 3                                      c. 4                                      d. 5
3. Ito ay ang saglit na pagtigil sa pagsasalita upang higit na maging malinaw ang mensaheng ipinahahayag.  
 a. antala                                      b. diin                                      c. haba                                      d. tono
4. Kung ang ponema ay mga tunog na sinisimbolo ng mga titik ng ating alpabeto, ano naman ang morpema?  
 a. pagpapantig ng salita                                      c. walang katuturang mga tunog  
 b. pinagsama-samang tunog                                      d. pinagsama-samang salita upang  
 upang makabuo ng salita                                      makabuo ng pangungusap
5. Ito ay tumutukoy sa pagtaas at pagbaba ng tinig sa pagsasalita, na maaaring maghudyat ng kahulugan ng pahayag.  
 a. antala                                      b. diin                                      c. haba                                      d. tono
6. Tumutukoy sa pinagsama-samang tunog upang makabuo ng salita. Ito ang pinakamaliit na yunit ng salita.  
 a. morpema                                      b. ponema                                      c. suprasegmental                                      d. tunog
7. Anong simbolo na nagpapahiwatig ng pagpapahaba ng bigkas ng pantig?  
 a. /                                      b. ?                                      c. .                                      d. //
8. Anong simbolo naman ang nagpapahiwatig ng katapusan nang pagbasa ng pahayag o pangungusap?  
 a. //                                      b. .                                      c. ?                                      d. /
9. Tumutukoy sa lakas ng bigkas sa pantig ng salita  
 a. diin                                      b. haba                                      c. antala                                      d. tono
10. Kung ang /ba.kah/ ay nangangahulugang cow, ano naman ang kahulugan ng /bakah/?  
 a. cow                                      b. maybe                                      c. always                                      d. horse


**Pagsasanay B.** Piliin sa Hanay B ang tamang tugon o kahulugan ng mga salita o pahayag sa Hanay A. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

**HANAY A**

**HANAY B**

- |                             |   |
|-----------------------------|---|
| ___11. Magandang gabi po.   | a. afternoon                                  |
| ___12. /ha.pon/             | b. Si Jose ang tinutukoy, hindi ang ibang tao |
| ___13. /hapon?/             | c. Ang taong tinutukoy ay hindi si Jose       |
| ___14. Hindi siya si Jose.  | d. Japanese                                   |
| ___15. Hindi siya/ si Jose. | e. pagbati                                    |

Binabati Kita! Natapos mo na ang aralin.



## ***Karagdagang Gawain***

Gumawa ka ng isang “*shout out*” sa Facebook na nagpapakita ng mga natutunan mo tungkol sa paksang Ponemang Suprasegmental. Ipakita mo rin ang mga halimbawa nito. Ang “*screenshot*” ng iyong “*shout out*” ay isumite sa iyong guro sa Filipino gamit ang “*messenger*”.



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

- a.
- a.
- c.
- d.
- b.
- t.
- t.
- m.
- m.
- t.
11. Pagsasagot sa tamong
12. Pagbati
13. Masasagot ng Hindi
14. Pagpapahayag ng matinding damdamin
15. Paglalarawan

**Balikan**

1. Oo, dahil ito ay may makabuluhang tunog.
2. 5
3. 10
4. Depende sa sagot ng mag-aaral
5. Depende sa sagot ng mag-aaral

**Talasalitan**

- c.
- b.
- a.
- c.
- d.

**Surtin**

1. Tungkol sa Covid19
2. Oo, dahil pumapaksa sa tunay na pangyayari
3. Sumunod sa utos ng pamahalaan
4. Depende sa sagot ng mag-aaral
5. Depende sa sagot ng mag-aaral
2. balâ = bullet
3. manggagamot = doctor
4. kayâ = capable

**Pagyamanin**

**A.**

1. nail
2. sunlight
3. boy
4. child
5. court

**B.**

1. /bukas/
2. /bukas/
3. /buhay/
4. /buhay/
5. /sayah/
6. /sayah/
7. /pa-so?l/
8. /pa-so?l/
9. /tu-bo?l/
10. /tuboh/

**Pagyamanin**

**C.**

1. sinasabing hindi pula ang kulay
2. sinasabing pula ang kulay
3. sinasabing hindi siya ang naralo
4. pinapalitanayan na siya ang naralo

**Isaisip**

**A.** Depende sa sagot ng mag-aaral

1. /pala/
2. /da-ting/
3. /la-mang/
4. /tagah/
5. /ya-ya/

**B.**

1. /pala/
2. /da-ting/
3. /la-mang/
4. /tagah/
5. /ya-ya/

**Tayahin**

**A. 1. a**

2. d.
3. a.
4. b.
5. d.
6. a.
7. c.
8. a.
9. a.
10. b.

**B. 11. e**

12. a.
13. d.
14. c.
15. b.

## **Sanggunian**

Dayag, Alma, et.al. *Pinagyamang Pluma*, (Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc., 2014), 284-287.

<http://siningngfilipino.blogspot.com/2012/09/mga-ponemang-suprasegmental.html>>

<https://www.slideshare.net/JenitaGuinoo/ponemang-suprasegmental-gr9powerpoint-presentation>

<https://tl.wikipedia.org/wiki/Ponema>

<https://brainly.ph/question/982122>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)